

# MGA BAGONG KARD NG MEDICARE!

**DARATING  
SA 2018**

Ipadadala sa koreo ng Medicare ang mga bagong card ng Medicare sa pagitan ng Abril 2018 – Abril 2019. Upang matulungan kang protektahan ang iyong pagkakakilanlan, ang iyong kard ay magkakaroon ng isang natatanging Numero ng Medicare sa halip ng iyong Numero ng Social Security. Ang bagong kard ay hindi mapapalitan ang iyong pagsakop o mga benepisyo. Narito ang mga kailangan mong malaman:

- Hindi mo kailangang gumawa ng kahit ano upang makuha mo ang iyong bagong kard, pero kailangan mong siguruhin na ang iyong tirahan na pinadadalhan ng sulat at napapanahon.
- Kung kailangang baguhin ang iyong tirahan, makipag-ugnay sa Social Security sa **ssa.gov/myaccount** o **1-800-772-1213**. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa **1-800-325-0778**.
- Hindi ka kailanman tatawagan ng Medicare ng walang paanyaya at tatanungin ang iyong personal na impormasyon. Mag-ingat sa sinuman na makikipag-ugnay sa iyo tungkol sa iyong bagong Medicare kard.
- Makakakuha ka ng karagdagang impormasyon mula sa Medicare kapag naipadala na ang iyong bagong kard.

